REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97- 29

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAAN (ALLOCATE) NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) NA KUKUNIN SA "CALAMITY FUND" PARA SA PAGBILI NG "WATER DELIVERY TANK TRUCKS" NA GAGAMITIN SA PAGBIBIGAY NG PANLUNAS NA HAKBANG SA PAGKAWALA NG TUBIG DULOT NG "EL NIÑO PHENOMENON."**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Jaime R. Fresnedi**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**

Kasamang nagpanukala : **Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang tinatawag na **"EL NIÑO PHENOMENON,"** ay isang katotohanan na inaasahang magaganap sa Daigdig na ayon sa mga Siyentipiko ay maaaring magbunga ng mga hindi pangkaraniwang pangyayari o kalamidad tulad ng mahabang panahon ng tag-init o tag-tuyot sa ilang panig ng Daigdig o kaya'y pagkakaroon ng malalakas na bagyo at pagbaha sa iba;

**SAPAGKAT,** ang masamang epekto ng **"EL NIÑO PHENOMENON,"** na ngayon ay nararamdaman na sa Pilipinas simula pa ng buwan ng Oktubre, ay pumipinsala na sa iba't-ibang lugar kung saan ang mga pananim ay unti-unti ng natutuyot bunga ng kawalan ng tubig;

**SAPAGKAT,** ang **"EL NIÑO PHENOMENON,"** ay alalahanin hindi lamang ng Pamahalaang Nasyonal kundi maging ng iba't-ibang Pamahalaang Lokal sa Pilipinas;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Muntinlupa ay isa sa mga may suliranin sa kakapusan ng tubig bunga ng pagkasira ng iba't-ibang "pumping station" ng MWSS sa lungsod;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang kapangyarihan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal na kailangan angkop o nauugnay para sa mahusay at epektibong pamamahala at sa lubhang kailangan sa pagtataguyod ng kagalingang pangmadla;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina -2-***
***Kautusang Panglungsod Bilang 97-29***

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangunahing paglilingkod at pasilidad ay pananagutan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal **(Art. 25, Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991);**

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing pasilidad na dapat ipagkaloob upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan sa Lungsod ay ang pagbibigay ng panlunas na hakbang upang maibsan ang pagtitiis ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** isa sa mga paraan upang agad na matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan ay ang pagbili ng **"WATER DELIVERY TANK TRUCKS"** na gagamitin sa pagbibigay ng malinis na tubig;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay may sapat na halaga sa **CALAMITY FUND** upang magamit sa pagbili ng **"WATER DELIVERY TANK TRUCKS"** na tinatayang aabot sa **Dalawang Milyong Piso (P2,000,000.00);**

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na maglaan (allocate) ng halagang **Dalawang Milyong Piso (P2,000,000.00)** na kukunin sa **"Calamity Fund"** para sa pagbili ng **"WATER DELIVERY TANK TRUCKS"** na gamitin sa pagbibigay ng panlunas na hakbang sa pagkawala ng tubig dulot ng **"EL NIÑO PHENONENON"**.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **17 Nobyembre 1997, sa ginanap na ika-105 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:________________